AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## WRITING PROMPTS FOR GRADE 1 TO HIGH SCHOOL

**Aralin 69**

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting makata! Handa ka na bang magsulat ng iyong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating isulat ang laman ng ating isipan. Ihanda ang imahinasyon; gagawa tayo ng istorya!* |

| **Writing Prompts for Grades 1 to High School - Aralin 69** |
|---|
| Theme: Mga Pamahiing Pilipino - Tabi-tabi Po, Nuno |
| Content Creator: April Grace M. Garcia |

**Tabi-tabi Po, Nuno**

**WRITING PROMPT LESSON 69**

---

**I.Pagbati**

Magandang buhay, mga makata! Ito na naman si Teacher ________!

Sa araw na ito, isang panibagong kwento ang ating matutunghayan at dudugtungan! Alam niyo ba ang mahiwagang nilalang na tawag ay nuno? Sila raw ay nakatira sa mga anthill o mga punso na siyang tinitirhan ng mga langgam. Handa ka na bang marinig ang isang kwento tungkol sa kanila? Tara!

**II.Writing Prompt of the Day**

Kasama mo ang iyong lolo at lola habang naglalakad sa inyong probinsya, natuwa ka sa mga hayop nakikita mo sa daan kaya ito'y iyong tinuturo at lagi ka namang sinasaway ng iyong lolo tungkol dito.

Ayon sa kanya wag mo raw ituturo ang mga ito dahil daw baka ma"nuno" ka. Itinuro nila ang paraan kung paano hindi manununo. Matapos ituro ang kung ano man sa labas ay dapat sabihin, "Tabi-tabi po nuno", sabay kagat sa daliring ginamit pang

turo. Pagka uwi ninyo sa bahay, umupo ka sa damuhan upang magpahangin at magpahinga.

Habang nakahiga, nakita mo ang isang maliit na nuno ang galit na nagsisipa ng mga damo sa galit. Tinanong mo ito kung bakit siya nagagalit. Sabi niya, may mga taong nakakatapak daw sa kanya sa damuhan at di man lang nagpapasintabi. Mayroon din daw mga taong nasusuntok sila gamit ang mga daliri tuwing sila'y tuturo sa malayo. Ano ang iyong gagawin upang hindi na magalit ang nuno? Dugtungan ang kwento!

•Ano ang sasabihin mo sa nuno upang hindi na ito magalit?
•Ano naman ang ipapangako mo sa nuno upang hindi ka na makasuntok ng tulad niya?
•Sa tingin mo, bakit kaya nagkaroon ng ganitong paniniwala ang ating mga nakatatanda?

**III.Teacher's Message**
Sagutin ang mga tanong upang mabuo ang kwento. Kung kaya ninyong isulat sa Ingles ang inyong kwento pagkatapos, subukan niyo rin!

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."